**Republika ng Pilipinas**
**Lalawigan ng Laguna**
**Bayan ng Sta. Cruz**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PAMBAYAN

NIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-22 NG DISYEMBRE, 1997, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE............... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco.................. | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Mangalas................. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon.................. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo R. Ramirez................ | Kagawad |
| Kgg. Celestino D. Pamatmat............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison.................. | Kagawad |
| Kgg. Miguel H. Asinas.................. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco............... | Kagawad |

(-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan.... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villasenor.......... | Kagawad |

### KAPASIYAHAN BLG. 265-T'97

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 72-T'97 NG SANGGUNIANG BARANGAY SANTO ANGEL CENTRAL NA INILILIWAT ANG PONDO MULA SA PROGRAMA SA ANTI-DRUG NG NABANGGIT NA BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG WALONG LIBO AT APAT NA DAANG PISO P8,400.00) BILANG KAPUPUNAN SA ALLOWANCE NG MGA BARANGAY POLICE NG SANTO ANGEL CENTRAL.

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng Sanggunian ito ang Kap. Blg. 72-T'97 ng Sang. Barangay Santo Angel Central na may layuning makapagliwat ng pondo mula sa programa sa anti-drugs para mapunan ang pondo para sa allowance ng mga Barangay Police ng Santo Angel Central;

**SAPAGKA'T,** ito ay dumaan na sa pagsusuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet;

**SAPAGKA'T,** anuman ang gagawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay nasa pananagutan ito ng Sang. Barangay Santo Angel Central.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Celestino D. Pamatmat at sa pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Kap. Blg. 72-T'97 ng Sang. Brgy. Sto. Angel Central na inililiwat ang pondo mula sa programa sa Anti-Drug ng nabanggit na barangay na nagkakahalaga ng P8,400.00 bilang kapupunan sa allowance ng mga Barangay Police ng Santo Angel Central.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman at Pambayang Tagatuos, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa Kapasiyahang ito.

JEANETTE P. SANDICHO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: NARCISO O. INFANTE
P. Punong Bayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY: ENRIQU[redacted]STA
Punong Bayan